**Copyright©noquane**

**This story is not for sale or subjected to any kind of redistribution. Copying, editing and distributing without the author's consent is prohibited.**

**All rights reserved.**

**All events and characters in the story are purely fictional. Any similarities to persons living or dead are coincidental.**

# L O V E I S …

Define LOVE

What is LOVE?

Who’s your first LOVE?

Copyright©noquane

Yan ang kadalasang nakikita sa SLAMBOOK. Minsan, tinatanong din yan ng walang magawang titser. Tapos ikaw naman na kunwari alam meaning ng love, you will eventually define love as…

**Love is like a rosary…it is full of mystery**

Korni. Pero totoo diba? Pano nga ba nangyayaring nagugustuhan na lang ng isang tao ang other tao? Mystery yun. Sa tingin mo?

Yung iba naman sabi…

**Love hurts…**

**Love is sacrifice…**

**Love can wait…**

**Love is blind…It sees but it doesn't mind…**

Totoo nga naman. Minsan, alam mo na ngang mali ang ginagawa mo para sa taong mahal mo, ikaw naman, nagpapakabobo pa rin. Minsan naibigay mo na lahat sa kanya… ni wala ka man lang tinira sa sarili mo… kaya ka nasasaktan sa huli… Tapos, ang mga naghihintay… mga umaasa, masasaktan din kasi naghintay sa wala. Minsan nakakasawa.

Copyright©noquane

**Love is like the wind…it can't be seen but it can be felt**

**Love is when the person you love loves you back**

Yes. Truly. Minsan, totoo to. Kaya lang may mga taong super manhid. Di man lang nila ma-feel na may nagmamahal sa kanila kahit kitang kita naman na ng malalaking mata nila. Yung iba, pakipot pa. Tapos magsisisi sa huli at sasabihing "sayang…" At ang huli. Eto ang pinakahindi natin nabibigyan ng halaga. Ang pagmamahal ng mga taong mahal natin. Oo, alam nating mahal tayo ng mga magulang natin. Conscious tayo dun pero minsan, hindi naten nabibigyan ng halaga.

Ngayon, hindi ko sinasabing madaling magmahal. Ang love, parang tae yan. Kapag na-fefeel mong parang lalabas na, di ka mapakali. Lalo na kung ang layo pa ng uuwian mo. At yun nga, pag nailabas mo na, feeling mo wala ng hassle sa katawan mo. Ang love ay toxic gaya ng tae. Basta. Ikaw na bahala mag-isip. Kapag di-nump ka ng walang hiyang boypren mo sa quadrangle---para ka na ring nadapa sa harap ng maraming tao. Yun bang, ikaw na nga nasugatan, mapapahiya ka pa. Kaya naman, depressed ka… ngayon, para mo na ring nararanasan ang pagka-down kapag bagsak ka sa exam mo. Dahil nagpakatanga ka, para ka na ring umapak sa maraming thumbtacks na nakapaa paa lang kahit alam mong masakit at masaklap, nakakatetano, nakakamatay!

Pero, ano nga ba ang love? Hahaha. Maraming definition…

Copyright©noquane

## LOVE IS UNCONDITIONAL

**‘Anak, binili na namin ng tatay mo pinapabili mong iPhone 6. Sa 3001 pa daw dapat ilalabas sa market yan sabi ng developer. Pero napaki-usapan namin, regalo naming sa’yo’ to anak.** Sabi ng nanay habang inaabot sa akin yung regalo niyang well, sosyalen pero gusto ko sana ng bagong model ng iPad. Pssh! Kabanas!

**‘Okay payn! Sigurado ka bang original to? Kasi pag hindi, ipapabalik ko**!’ Pagbabanta ko sa kanya.

**‘Oo naman anak. Pinag-ipunan naming ng tatay mo yan.’** Pang-aassure naman niya sa akin.

**‘Psh! Siguro kung anak ako ng mayaman tulad ng kaibigan ko, everyday ako nagpapalit ng model ng kung ano mang gadget diyan. Eh, malas napunta ako sa inyo… ’**tampururot na hinaing ko sa nanay kong nalukot ang mukha dahil sa sinabi ko. I don’t care anyway! Like, duh? Who cares?

**‘GINA!’** Sigaw ng tatay kong may sakit sa puso. Ha! Kasalanan niya rin kung bakit siya nagkasakit, kaya hinihiling ko, sana maatake siya at matuluyan na. Pabigat lang siya dito sa barong-barong na bahay na to!

**‘Shut up inutil na old man! Kung magtrabaho ka sana, edi gaganda din buhay naten? Hindi yang nakaupo ka lang at walang ginagawa. Imbes na tulungan mo yung asawa mong labandera andito ka lang sa loob nagkukulong. Nagpapaputi ka ba?’** Sabi ko. Ha! Bakit? Sa bahay na to, ako ang batas! Bakit? Sila lang naman nagpapakain sa akin. Wala akong care.

Copyright©noquane

Pinag-aaral nila ako para maiahon ko sila sa hirap! At ginawa pa akong bangkong uutangan? No! Kapag nakapagtapos ako, iiwan ko sila.

**'GINA! TATAY MO YAN!'** Pagsigaw naman ng labandera.

Inirapan ko lang sila saka ko kinuha yung bagong model ng iPhone. Saka ako lumabas sa bahay namin. Papasok ako sa school. Siyempre, dala dala ko iPhone 6 ko. Hmmm. Sigurado ako, maiingit si Helen. Huwahahaha!

Sa school, nakita ko si Mark. Kininditan niya ako. Nagpout naman ako ng lips. Siya ang unang lalaking naging fling ko dito. Anak siya ng CEO ng Realidad Enterprises at nanay niya, pinakamagaling na Attorney sa Pilipinas. Oo, mayaman siya. Sa totoo lang, pang-mayaman ang school na napapasukan ko. Ako, feeling mayaman. Pero tignan niyo naman, nakakasabay ako sa yaman nila. Kung saan kinukuha ng labandera kong nanay ang pera, hindi ko alam.

**'Hey, girls! I just bought iPhone 6! Here check it out!'** Tili ko sa mga sosyalera kong kaibigan. Pinakita ko ang bagong bili kong iPhone. Nagulat naman sila nung sinabi kong 3001 pa ilalabas sa market to! Hmm. Nakita ko mga mata nila, it was with awe! Hahahaha sige lang maiinggit kayo! Ha! Kala niyo?!

Pauwi na ako sa barong barong namin. Hindi ko tinatawag na bahay yun. Like duh? It doesn't look like a house anyway! Psh. Badtrip! Hindi ako nag-jijip. Like duh? Bakit sana? Nagtataxi ako. Wapakels bakit kasi??? Dahil hanggang eight o'clock last class ko ngayon, madilim na. Naghihintay ako ng taxi sa harap ng main gate ng school namin.

Copyright©noquane

*Beep*

Busina ng isang kotse, Audi ang sasakyan. Wow! Sosyalen. Tapos bumukas ang pinto sa may harapan. Iniluwa nun si Mark.

**'Hey, I'll give you a ride home.'** Pag-aaya niya sa akin. No choice ako. Since, siya na rin nagyaya, di go ako. Para libre na ako sa mahal na singil ng taxi. Pumunta ako sa passenger seat saka nagbukas yung door.

**'Thanks Mark!'** Sambit ko sa kanya habang nag-seseat belt.

**'San ka?'** Bigla niyang tanong.

**'Ah sa ***** subdivision.'** Pagsisinungaling ko. Siyempre pag nakita niya yung barong barong namen, ano na lang iisipin niya sa akin? Tutal malapit naman yung subdivision na yun sa area namin kaya okay lang kahit sa labas lang ng gate nun.

Walang imikan sa amin ni Mark sa kotse niya. Sa labas lang ako nakatingin. Nagulat ako nang may humawak sa legs ko. Naka-mini shorts lang ako ngayon. Flats saka see-through sweatshirt with spaghetti strap shirt sa loob. Nakita ko palad ni Mark. Hinahaplos pa hita ko.

**'Ano ba Mark.'** Sabi ko saka ko pilit tininggal yung palad niya. Pero binalik niya doon saka pinisil. Nasaktan ako. Feeling ko namumula na legs ko.

**'Ano ba! Ibaba mo na ako dito!'** Sigaw ko. Naging hysterical ako. Kahit nasa gitna pa kami ng highway ngayon at dito niya ako ibaba, okay lang! Basta huwag ko lang makasama tong manyak na to. Pero imbes na itigil niya sasakyan, pinaharurot niya to. Napapikit ako. Kinakabahan na ako. Hindi gusto ang feeling na to.

Copyright©noquane

Pagkamulat ko ng mata ko. Nasa madilim kaming lugar. Di ko alam kung saan na ako. Minadali kong tanggalin yung seatbelt para makababa pero mas mabilis si Mark. Pinilipit niya kamay ko. Doors were also autolocked. Sisigaw na sana ako kaya lang tinakpan niya bibig ko gamit palad niya.

**'I always wanted to this with you Gina…'**sabi niya sa tenga ko. Natatakot ako. Nagulat ako, tumulo na luha ko.

**'Ssshh. Don't cry. This will be quick and I assure you, we will be satisfied after…'**sabi niya saka niya hinalikan labi ko. Pilit akong lumalaban pero di ko kaya. Masyado siyang malakas. Hindi ako makahinga. Tinanggal niya seatbelt ko. Sisipain ko sana siya pero bigla niya hinawakan legs ko gamit isa niyang kamay.

**'ARAY! BITCH!'** Sabi niya sakin nung sinabunutan ko siya at kinalmot mukha niya. Saka niya ko sinakal at sinampal ng malakas. Ang sakit!! Ang sakit sakit ng mukha ko. Nahihilo pa ako… Hinalikan niya ulit ako sa leeg saka niya ako sinuntok sa may tiyan.

**'Aaaaarrggghh!'** Sigaw ko. Sobrang sakit. Namimilipit sa sobrang sakit. Gusto kong sumuka.

Tulong… tulong… sambit ko lang na mahina saka ako nawalan ng malay.

May naamoy kung ano. Pabango? Pero ang baho eh. Kadiri! Naalimpungatan ako. Ansakit ng ulo ko. Iginilaw ko katawan ko. Naramdaman ko ang sakit sa tiyan ko. At ang kirot… doon…

Bigla akong nagmulat ng mata. Saka ko nakita ang street light malapit sa subdivision na sinabi ko kay Mark kanina. Si Mark… WALANG HIYA YUN!!!! HAYOP!!!! Nakita ko katawan ko. Wala akong saplot! Iniwan niya lang ako sa damuhan malapit sa subdivision! Ang Bag at mga damit ko… nakita ko nasa tabi ko… Tumutulo mga luha ko habang sinusuot ko damit ko. Napakasaklap ng nangyari sa akin… Buti na lang binuhay niya ako… kung hindi, pano mga

Copyright©noquane

magulang ko? Bigla ko silang naalala. Mga ginagawa kong pang-gagago sa kanila. Ang kawalang hiyaan kong ginagawa… at ang pagtrato ko sa kanila. Ayokong mawala ng hindi man lang nila alam kung gaano ko sila kamahal… at kung gaano ako nagsisisi sa mga ginawa ko. Humagulgol ako sa damuhan at nung nakahulma na ako, umuwi na ako sa bahay namin.

Pagdating ko sa may pintuan, narinig kong nag-uusap silang dalawa…

***'Pabayaan mo na yung anak mo Pedring. Magagalit lang yun pag sinita mo. Mas lalo lang siyang magagalit sa atin. Alam mo naman yun.*'** Sabi ng nanay ko sa tatay ko.

***'Eh, kahit na Alicia, alam mo naman kung gaano kadelikado ang mga tao ngayon. Lalo na't maganda pa ang anak mo, tulad mo.'*** Sambit ng tatay ko.

***'Sus, nambola ka pa. E, Pedring, oo pala, nabayaran mo na ba yung utang kay Paeng? May balance pa atang sampong libo eh. San ako kukuha nun? Tapos, yung panghanda pa daw ng anak mo.'*** Sambit ng nanay ko.

***'Hay, wag kang mag-alala, Ibebenta ko na lang yung lupang binili ko noon para sa anak mo. Tutal naman, mas mahalaga sa kanya ang luho niya.'*** Naiinis na sambit ng tatay ko.

***'Pedring! Mag-ingat ka sa mga sinasabi mo, anak natin si Gina. Kung anong gusto niya, ibibigay natin. Kahit mahirap tayo, dapat lang na maibigay natin ang pangangailangan ng anak natin.'***

***'Eh, Alicia, sabi pala ng nars diyan sa clinic, kailangan ko na daw magpagamot.'***

***'Eh pano yung birthday party ng anak mo?'*** Sambit ng nanay ko.

***'Haay, sige sige, planuhin muna natin yun. Hindi na muna ako pupunta sa ospital para sa check-up at saka na rin ang opera ko.'*** Malungkot na sambit ng tatay ko.

Copyright©noquane

What? Ganito ba nila ako kamahal? Kahit naghihirap na silang maghanap ng pera, ako pa rin iniisip nila. Kinalimutan nila sarili nila para sa akin. At ang masaklap pa… malala na pala ang sakit ni tatay pero kapakanan ko pa rin iniisip nila. Bakit?? All this time… bakit kailangang mangyari sa akin yun para lang ma-realize kong mahal nila ako ng sobra?? Lahat ng luho ko sinunod nila. Lahat ng masasamang sinasabi ko, binabale wala nila. Kahit inaaway ko sila… at the end of the day, sila pa ang nag-so-sorry sa akin. Ang sama ko… Ang sama kong anak! Sobra...Tinakpan ko bibig ko habang tuloy-tuloy tulo ng luha ko. Sobrang sama ko…

***'San na ba yung anak mo?'*** Tanong ni nanay.

Sakto, bumukas yung pinto…

**'Gina! Andyan ka na pala!'** Gulat na bungad ng nanay ko. Umiiyak pa rin ako.

**'Anak? Anong nangyari sayo? Okay ka lang ba?'** Nag-aalalang tanong ni nanay. Tumango lang ako.

**'Pedring! Pedring, ipaghanda mo ng pagkain si Gina. Andito na siya**.' Tawag niya sa tatay ko.

**'Anong gusto mo anak???'** Tanong ng tatay ko. Pagkakita ko sa tatay kong may malubhang sakit, di ko na napigilan… niyakap ko siya saka umiyak.

**'Sorry tatay…'**sambit ko. Hinaplos niya likod ko at pinapatahan ako.

**'Sorry po. Hindi ko alam ang sama ko sa inyo. Tay, magpagamot po kayo please.'** Sabi ko sa kanya.

**'Ayoko ko pong mawala kayo. Sorry…'**sambit ko ulit…

**'Anak…'**naiiyak naman na sambit ng tatay ko. Inaangat niya ulo ko saka pinahid luha ko. Nakita ko mata niya at doon tumulo luha niya.

Copyright©noquane

Ang nanay ko naman, yumakap din sa amin… Nag-sorry din ako… at ng gabing yun, wala akong ginawa kundi mag-sorry at sila naman ay ang patawarin ako. Nasabi ko din yung kababuyan na ginawa ni Mark sa akin. At niyakap nila ako ng mahigpit…

Ang mga magulang, dahil sa sobrang mahal nila ang kanilang mga anak, di nila matiis ang mga to. Minsan, kapag pinapagalitan tayo, di niyo ba pansin na sila ang unang lumalapit at susuyuin tayo? Minsan nga, pinipilit pa nila tayong patawanin kahit alam nilang naiinis pa rin tayo...

Ang mga magulang, natututo lamang silang maging tunay magulang dahil sa mga anak nila. Pero hindi ibig sabihin nun, habambuhay natin silang tuturuan kung paano sila maging mabuting magulang.

## LOVE IS HAPPINESS

When I see him, my heart flutters. I smile, giggle and even laugh hard. I don't know the reason behind this but one thing I know is, I love him. And I am happy when I with him.

**'Hey babe. Okay ka lang?'** sabi ni Jerik sa akin. I saw him again, I smiled. Looking at his eyes melts my heart inside. Siguro eto yung feeling pag sinasabing in love.

**'Yes babe. Tara na?'** sabi ko sa kanya. Nakangiti rin siya pero nagtataka siya sa akin. Hahaha.

**'Hey, Iyah, anong plano mo after natin grumaduate at nag-wowork na tayo?'** Tanong niya sa akin.

Copyright©noquane

**'Ahh, siguro, I'll take masterals muna, then I can apply for work na. Ikaw babe?'** Tanong ko.

**'Hmmm. Secret.'** Sabi lang niya. Saka ngumiti ngiting parang ulol.

**'Hmmm. Madaya. Sinabi ko yung sa akin ee.'** Sabi ko tas nagpout ako. Parang bata.

**'Babe, pag malalaman mo, baka ayaw mo nang mag-masterals niyan. Kaya secret muna. Okay?'**

**'Okay.'** Sabi ko lang.

Dismissal na… Isang araw na lang graduation na… yippee!!!

**'Hey babe, anong isusuot mo sa graduation ball?'** Tanong niya sa akin.

**'Uhm, white plum dress siguro. Ikaw ba?'**

**'Jeans lang.'** seryosong sambit niya.

**'Ano?! Jeans?!'** Gulat na tanong ko.

**'Eh ano naman?'** Sabi niya.

**'Sige, magpapaka-hipster ako para match tayo… '** sabi ko ngiti ngiti rin.

**'Wag ah. Mas bagay sayo yung plum dress**.' Pilit niya. Tignan mo to. Sasamahan ko na nga siya sa get- up niya. Tsk.

**'Ayoko. E di mag-tuxedo ka para mag-plum din ako**.' Pilit ko sa kanya.

**'Basta. Sige na please???'** Pagpipilit niya sa akin parang bata…

Psssh. Alam niya talaga kahinaan ko. Kaya ayokong nagmamakaawa siya eh. Puppy eyes pa. Haaay…

Copyright©noquane

**'Okey payn!'** Sabi ko lang…

*Graduation Ball…*

**'Hey, ang ganda mo naman Iyah. Bagay sayo. Pwede na talaga.'** Sabi ni Myra.

**'Pwede saan?'** Tanong ko naman.

**'Ay hindi mo alam??'** Biglang singit naman ni Yell.

**'Yung?'** Tanong ko ulet. Ha? Wala ako ma-gets eh.

**'Hala! Huy, Yell, alangan alam niya? Hindi ka talaga nag-iisip. Better shut up baka madulas ka pa. Okay?'** Pagbabanta ni Myra.

Yung mukha ko big question mark eh. Di ko gets.Yung date ko naman, di pa dumating. After niya ako sunduin sa bahay, bigla na lang nawala.

Tsss. Nakakainis. Bigla pa nag-off yung lights. Nakakainis nakatayong mag-isa pag ganitong madilim. Kinagkagat ko yung nails ko. May tendency kasi akong ganito kapag kinakabahan sa takot.

*Flash*

**'Ano ba yan! Nakakasilaw!'** Sabi ko. Pano, andilim ng palagid tapos sa akin lang lahat napupunta liwanag ng spotlight na to. San ka na ba Jerik? At ayun nasagot ang tanong niya ng may nagbukas ng other spotlight sa may stage. Andun si Jerik may dalang gitara…

***I wanna make you smile***

***Whenever you're sad, carry you around when arthritis is bad***

Copyright©noquane

***All I want to do is grow old with you…***

Anong pakulo naman toh? Sabi ko sa sarili ko after niya kumanta. Tapos, bumaba siya sa stage at nilapitan ako. Kiniss niya ako sa cheeks. Then he put the mic on his mouth and he spoke.

**'You know, since the first time I saw you, I already felt that you're the right one for me. My heart beats your name and you know what, I think I'm insane… I am so crazy for you. You know, being with you, Iyah, is the best. I can go anywhere with you, kahit pa sa CR yan…** Tapos tumawa mga tao. Ako naman, naluluha kasi nakapakorni na nga pero sweet naman. …**Now, all I want you to know is, I want you to spend the rest of your life with me. I want you to be the mother of our kids and I want you to be the person who would carry my surname. Vianna Morales, will you marry me?'** Tapos lumuhod siya.

Napaiyak na ako sa tuwa. Tapos tinignan ko siya ng may matamis na ngiti at sinabing…

**'Yes, I will.'** Sabe ko. Siyempre hinalikan niya ako saka kami nagyakapan. Mga tao naman, naghiyawan. Psssh.

I want to share my world with him, and be the father of our kids. Jerik Wilson Rivera, my everything… my happiness…

## LOVE IS BLIND…

**'Huy, kanina ka pa diyan ah. Ano ba yan?'** Tanong ni Megan sa akin.

**'Ahy eto ba?'** Pinakita ko sa kanya yung ginagawa kong love letter para kay Jerry. **'Wala to.'** Sabi ko na lang.

Copyright©noquane

**'Sus, wala daw, eh halata namang meron. May heart pa nga. Patingin nga!'** Pang-aagaw niya sa letter ko.

**'Aysus! Lalanggamin kayo niyan mamaya eh. May heart heart pa eh. Tsss.'**

**'Inggit ka lungs! Hahaha wala ka kasing loveydubs! Hahaha'** sabi ko sabay irap. Iniripan niya rin naman ako.

**'San ka ba dadalhin ni Papa Jerry mamaya? Sa hotel?'** Tanong niya. Binatukan ko siya.

**'Ikaw ah, kung ano ano iniisip mo!'**

**'Grabeh, five years na kayong mag-on tapos ni minsan, di man lang kayo nag-do-it???'** Gulat na tanong niya sa akin. Binatukan ko ulit.

**'Ginawa mo pa akong malandi? Landi landi talaga ng isip mo! So what kung di pa kami nag-do-it? We're reserving it for the honeymoon.'** Sabi ko

**'Kung kayo magkakatuluyan! Eh pano kung hindi???'** Asar na sambit niya.

**'Nakakainis ka naman! Kung ano ano iniisip mo. Hindi yun mangyayari. Hindi niya ako ipagpapalit.'** Matapang na sambit ko.

**'Talaga lang ha? Tignan naten…'**

## IT SEES BUT IT DOESN'T MIND…

**'Trish… nakikita mo bang nakikita ko?'** Bulong ni Megan sa akin habang naglalakad kami sa Mall. Saturday is our bonding time. Kasi, lagi na lang si Jerry kasama ko everyday.

**'Alin? Yung lalaking nangungulangot?'** Tanong ko sa kanya.

**'Hindi. Yun oh, parang si Jerry kasi eh.'** Pagkasabi niya ng Jerry, agad akong naghanap ng Jerry sa paligid.

**'Saan? Saan?'** Tanong ko. Hindi ko pa rin kasi mahagilap eh.

Copyright©noquane

**'Ayun oh, sa may Blue Magic! May kasamang babae.'** Sambit ni Megan.

**'Talaga? Baka yung kapatid niya.'** Kinakabahang sambit ko.

**'Tsss, halika nga sundan natin.'** Tapos hinila ako ni Megan papuntang Blue Magic.

**'Eh para naman tayong stalker nito eh.'** Sabi ko sa kanya. Nasa loob na kami. Sa bandang malalaking stuff toys.

**'Shhh. Wag kang maingay…'**sambit niya na naman. Ayun tumahimik na lang ako.

***'Do you like it babe?'*** Tanong ng lalaki. Sigurado akong boses ni Jerry yun.

**'N*o babe, I like the other one*.'** Sambit ng babae.

BABE? Sambit ng utak ko. Kelan pa siya may tinatawag na ibang babe bukod sa akin? Naiinis na sambit ko sa sarili ko.

**'Huy, narinig mo? Babe daw… eh diba ikaw lang naman babe niya?'** Echuserang tanong ni Megan.

**'Ano ka ba. Baka tawag din niya sa kapatid niya yun. Oo total, may batang kapatid naman si Jerry.'**

**'Psssh.'** Sambit lang ni Megan. Tapos hinila niya ako palabas sa hilera ng stuff toys. Pumunta kami sa mga key chains. Kunwari pumipili kami.

**'Thank you for coming!'** Sambit ng guard.

Lumingon ako sa door. Biglang kumirot puso ko. Gusto ko silang sundan. Gusto kong tanungin kung bakit. Kung sino siya sa buhay niya. Pero ayoko. Ang sakit. Pinilit kong wag umiyak. Pinipigil ko luha ko kahit ang bigat sa damdamin.

**'Megan, hindi niya kapatid yun.'** Sabi ko. Nagulat naman si Megan.

Copyright©noquane

**'Ha?'** Tanong niya.

**'Yung kapatid niya, high school pa lang. Yung nakita natin, masyadong provocative mag-suot. Sexy saka maganda.'**

**'Ayan na nga bang sinasabi ko eh. Eh ano na? I-break mo na! Nakita mo nang niloloko ka lang eh.'** Sabi niya sa akin.

**'Meg, kailangan ko munang i-confirm. Malay mo, katulong nila yun. Nagpasama lang siya para pilian ng stuff toy diba?'** Optimistic na sabi ko.

**'Yaya?! Wow ha? Babe na pala ang tawag sa yaya ngayon. At take note, holding hands while walking? Binilhan pa ng stuff toy?! Yaya?!'** Naiinis na sigaw ni Megan sa akin.

**'Eh, malay mo naman. Hindi ako lolokohin ni Jerry. Nag-promise siya sa akin. At saka sabi niya hindi niya ako iiwan at hindi ko pagsisisihan yung ginawa namin…'** hindi ko na naituloy. Nabuko na ako ni Meg.

**'You gave yourself to him???'** Gulat na tanong niya.

**'Yes…'**nakayukong sabi ko

**'Akala ko ba you're reserving that for your honeymoon? Eh Trish! Di pa nga kayo kasal!!!'**

**'I love him! Hindi mo ako naiintindihan. Sabi niya, He wants to spend the rest of his life with me. Ibig sabihin nun, gusto niya ako pakasalan! Mahal niya ako at hindi niya ako niloloko!'** Matapang na sabi ko. Pinipigil ko luha ko.

**'Okay payn! Sabi mo yan ha! Pero once na napatunayan mong niloloko ka niya, wag na wag kang iiyak dahil ginusto mo yan. Sa ngayon, ilabas mo lang…halata namang kanina ka pa nagpipigil diyan.'** At doon nga tumulo luha ko. Niyakap ako ni Meg. Iyak ako ng iyak. Wala akong pakialam kung nakatingin mga tao sa amin.

Copyright©noquane

**'And one thing more, I will kick him where it hurts the most para matuto siya. Don't worry. Your secret is safe with me. Eh yun na lang kung ipagkalat ng mokong na yun na nagalaw ka niya.'** Natawa ako sa sinabi niya.

## LOVE HURTS…

**'Pare, tama na yan.'** Awat ni Gerald.

**'Ano ba pare. Hayaan mo lang si Carl na ibuhos ang sakit na nararamdaman niya.'** Sabat ni Harry.

**'P*tang ina pare! Siya lang ang sineryoso kong babae tapos…'** sambit kong nahihilo. Tumungga ulet ako. **'…b*llsh*it! Sana pare, sana noong una pa lang naniwala na ako sa sinabi ni John.'** Sabi kong punong puno ng pagsisisi.

**'Eh, pare, bakit ka nga ba ipinagpalit nung babaeng yun?'** tanong ni Carl.

**'H-hindi ko alam pare. Sabi niya ako lang mahal niya…tapos ngayon, ikakasal na siya???!'** galit na sambit ko.

**'Eh kung bugbugin natin yung mapapangasawa niya?'** seryosong sambit ni Harry.

**'Gago ka pare. Gusto mo bang makulong??'** sagad ni Gerald.

Wala na akong maisip na ibang paraan. Tumungga muna ako saka padabog na tumayo at naglakad palayo.

**'Oy, san ka pupunta?'** agad na pigil ni Gerald.

**'Yes! Bugbugan na yan!!'** sambit ni Harry na lasing na ata.

**'Pupuntahan ko si Jenny.'** Seryosong sambit ko.

**'Pare, umayos ka nga!'** pigil ni Gerald.

Copyright©noquane

**'Hindi ako papayag na mapunta siya sa kung sino mang Pontio Pilato!'** sumbat ko. Saka itinulak ko siya palayo.

**'Carl!!'** sigaw ni Gerald sa akin. Pero di ko na pinansin. Sumakay ako sa motor ko saka pinaharurot. Wala akong pakialam kung madisgrasya ako. Baka nga mas maganda eh, mapapansin ako ulit ni Jenny. Ako na pipiliin niya.

**'Jenny!!! Lumabas ka diyan! Mag- usap tayo!'** sigaw ko sa labas ng bahay niya.

**'Jenny!!!!'** sigaw ko saka ako nagdabog sa gate niya.

**'Jenny!!! Mag-usap tayo!'** sigaw ko pero wala pa ring sumasagot.

**'Jenny ano ba??! Please?!'** pagmamakaawa ko. Ngayon, naramdaman ko ang pagtulo ng luha ko. Putek! Ambading ko.

**'J-jenny…'** mahinang sambit ko. Nakaupo na ako sa semento. Saka naman nagbukas ang ilaw sa labas ng bahay niya. Tumayo ako agad at inilapit mukha ko sa gate niya.

**'Anong problema mo Carl?!'** Naiinis na sambit niya.

**'Jenny…'** nakangiting sambit ko. Gusto ko siyang hawakan.

**'Hindi mo ba alam na nakakaistorbo ka??'** sambit niya.

**'Jenny… ako na lang…'** nagmamakaawang sambit ko. Hindi siya nakaimik.

**'Ako na lang pakasalan mo… mahal na mahal kita Jenny…'** sambit kong lumuluha. Nakita ko paglambot ng mukha niya.

**'Bakit hindi mo sinabi sa akin? Bakit kailangang malaman ko pa sa iba? Okay naman tayo diba?'** putek na talaga. Napakaiyakin kong lalaki.

**'Carl…'** sambit ni Jenny.

Copyright©noquane

**'Jenny…'** paulit ulit na sambit ko.

**'Hindi ako ang nararapat sayo. Marami pang iba diyan. Please naman, maawa ka sa sarili mo. Huwag mong hayaang malunod ka sa pagmamahal mo sa isang taong hindi naman para sayo.'** Sambit niya. Ang sakit neto…

**'Pero Jenny…'**

**'Carl, tanggapin mo na lang. Hindi lahat ng nagmamahalan, nagkakatuluyan. Masaya ako sa piling ni Ray. Masaya ako Carl, hindi mo ba nakikita yun?'** sambit niyang naluluha.

**'Kaya nga ang sakit eh. Kung sana, masaya ka rin sa piling ko…'** sambit ko.

**'Carl, I was…once…but I am happier now…I'm sorry…'** sambit niya. **'Carl, alam kong masakit at alam kong magiging bitter ka sa akin. Isa lang ang hiling ko, sana, dumating ang panahon na mapatawad mo ako…'**

**'Jen–'** hindi ko naituloy sasabihin ko.

**'Sssshhh…tama na Carl. Umuwi ka na…pinapagod mo lang sarili mo…Please…umuwi ka na…'** sambit niyang umiiyak. Wala akong nasabi. Tumalikod ako sa kanya at naglakad palayo…

**'Carl, sana makita mo rin ang para sayo…at sana, maging masaya ka…'** sambit niya. Hindi ko na siya nilingon. Yun ang kahuli huliang boses na narinig ko sa babaeng mahal ko.

Napakasakit at mahirap tanggapin na ang babaeng pinapangarap mo, nagpapangiti sayo araw araw at nagpapatibok ng puso mo, ang babaeng gusto mong pakasalan at makasama habang buhay ay nakamit na ng iba…

Copyright©noquane

Sa buhay, hindi natin alam kung sino o ano yung mga bagay na talagang magpapasaya sa atin. Minsan may mga dumadating na akala natin eh, sila na…pero isang iglap, hindi pala. Sa taong nagmahal at nasaktan, kailangan ang lakas ng loob…move on…kahit masakit…

Ang pag-ibig, hindi biro…sabi ko nga, minsan, nakakamatay…deadly…Pero, come to think of it, kung hindi tayo nasaktan, hindi tayo magiging matatag at hindi natin malalaman ang ating mga kahinaan. Saka mo nalang malalaman sa huli na natuto ka dahil sa pag- ibig. Ngayon, pwede mo nang kantahin ang lessons learned. Haha. Joke. Pero, sa nakakabasa nito, wag kang mag- alala, meron pa ring isang tao na hindi ka iiwan. Malay mo andyan na sa harap mo, di mo lang pinapansin…

***

~noquane

Copyright©noquane